

NAPLAN sa papel – impormasyon para sa mga magulang at tagapag-alaga

Tagalog

NAPLAN
NATIONAL ASSESSMENT PROGRAM
Literacy and Numeracy

2018

Bakit kumukuha ang mga mag-aaral ng mga pagsusulit sa NAPLAN?

Tinatasa ng Pambansang Programa ng Pagtatasa – Karunungan Bumasa, Sumulat at Bumilang (National Assessment Program – Literacy and Numeracy o NAPLAN) ang mga kasanayan sa karunungan bumasa, sumulat at bumilang na mahalaga para sa bawat bata sa progreso niya sa paaralan at buhay.

Sumasali ang mga mag-aaral sa Year 3, 5, 7 at 9 sa taunang mga pagsusulit sa NAPLAN sa karunungan bumasa, sumulat, mga kombensyon ng lengguwahe (pagbaybay, balarila, at pagbabantas) at karunungan bumilang.

Nagbibigay ang mga pagsusulit ng pang-unawa sa mga magulang at paaralan kung paano ang naging pagganap ng indibidwal na mga mag-aaral sa oras ng mga pagsusulit. Ang mga pagsusulit sa NAPLAN ay isang aspeto lamang ng proseso sa pagtatasa at pag-uulat ng isang paaralan; at hindi pumapalit ang mga ito sa patuloy na mga pagtatasang isinasagawa ng mga guro tungkol sa pagganap ng mag-aaral.

Nagbibigay din ang mga pagsusulit sa NAPLAN sa mga paaralan, autoridad sa edukasyon, at pamahalaan ng impormasyon tungkol sa kung paano gumagana ang mga programa sa edukasyon at kung naaabot ba ng mga kabataang Australyano ang mga mahahalagang resultang pang-edukasyon sa karunungan bumasa, sumulat at bumilang.

Ano ang tatasahin?

Tinatasa ng NAPLAN ang mga kasanayan sa karunungan bumasa, sumulat at bumilang na natututunan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng karaniwang kurikulum ng kanilang paaralan. Ang lahat ng pampamahalaan at di-pampamahalaang autoridad sa edukasyon ay may kontribusyon sa pagbubuo ng mga materyales na ginamit sa NAPLAN.

Para mabigyan kayo ng ideya kung anong klase ang mga pagsusulit, tingnan ang halimbawa ng mga tanong sa nap.edu.au/naplanexample

Paano ko matutulungan ang aking anak na makapaghanda para sa NAPLAN?

Tulungan ninyo ang inyong anak na makapaghanda sa NAPLAN sa pamamagitan ng pagbibigay-tiwala sa inyong anak na ang mga pagsusulit sa NAPLAN ay isang bahagi lamang ng kanilang programa sa paaralan, at paalanan silang gawin lamang ang pinakamahusay nilang magagawa sa araw na iyon. Titiyakin ng mga guro na pamilyar ang mga mag-aaral sa mga uri ng tanong sa pagsusulit at magbibigay ng naaangkop na suporta at gabay.

Hindi inirerekomenda ng ACARA ang paggamit ng mga serbisyo ng tagasanay o labis na paghahanda. Ang NAPLAN ay hindi tungkol sa pagpasa o pagbagsak, kundi tungkol sa pagtatasa ng progreso sa pag-aaral.

Pagsali sa NAPLAN

Inaasahang sasali ang lahat ng mga mag-aaral sa Year 3, 5, 7 at 9 sa taunang mga pagsusulit sa NAPLAN.

Ang mga mag-aaral na may kapansanan ay maaaring maging kwalipikado sa mga pagsasaayos (adjustments) na naglalarawan ng suportang karaniwang ipinagkakaloob sa mga pagtatasa sa silid-aralan. Kung kinakailangan, dapat muna ninyong talakayin sa guro ng inyong anak ang paggamit ng pagsasaayos na ito para sa may kapansanan para sa inyong anak. Ang isang pormal na iksemsiyon ay maaaring ipagkaloob sa isang mag-aaral na may malubhang kapansanan pang-intelektwal at/o kaya ay may malubha na dati nang mga kondisyon sa katawan, o para sa mag-aaral na kararating lang sa Australya at may pinanggalingang hindi Ingles ang wika.

Ang prinsipal sa inyong paaralan at ang inyong autoridad sa pangangasiwa ng lokal na pagsusulit ay makapagbibigay sa inyo ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga pagsasaayos para sa mga may kapansanan kukuha ng NAPLAN Online o sa prosesong kinakailangan upang makakuha ng pormal na iksemsiyon.

Sa papel o online ba kukunin ng aking anak ang NAPLAN?

Ang mga pagsusulit sa NAPLAN sa papel ang kukunin ng inyong anak sa 2018.

Gayunpaman, kukunin ng mga bata sa ilang paaralan sa iba't ibang bahagi ng Australya ang mga pagsusulit sa NAPLAN nang online sa taong ito. Napagkasunduan ng mga ministrong pang-edukasyon ng pederal, estado at teritoryo na ang NAPLAN ay lililipat online sa susunod na dalawa hanggang tatlong taon. Pagpapasyahan ng mga autoridad sa edukasyon ng estado at teritoryo kung kailan lililipat online ang kanilang mga paaralan.

Bibigyan ang mga mag-aaral ng mga tanong na sumusubok sa parehong hanay ng kahirapan, kaya kahit online man o sa papel nila kukumpletuhin ang pagsusulit, ang mga resulta para sa dalawang pormat ay iuulat sa parehong iskala ng pagtatasa ng NAPLAN.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa NAPLAN Online, bisitahin ang nap.edu.au/online-assessment

Ano'ng mangyayari kung ang anak ko ay hindi pumasok ng paaralan sa mga araw ng pagsusulit?

Hangga't maaari, isasaayos ng mga paaralan ang pagsusulit para sa indibidwal na mga mag-aaral na lumiban sa araw ng pagsusulit upang makatapos ng mga pagsusulit sa ibang oras sa loob ng linggo ng pagsusulit. Hindi papayagang kumuha ng mga pagsusulit ang indibidwal na mga mag-aaral makalipas ang Biyernes, Mayo 18, 2018.

Talaorasan ng mga pagsusulit sa NAPLAN 2018

	Marte Mayo 15	Miyerkules Mayo 16	Huwebes Mayo 17
Year 3	mga kombensyon ng lengguwahe 40 minuto karunungan sumulat 40 minuto	karunungan bumasa 45 minuto	karunungan bumilang 45 minuto
Year 5	mga kombensyon ng lengguwahe 40 minuto karunungan sumulat 40 minuto	karunungan bumasa 50 minuto	karunungan bumilang 50 minuto
Year 7	mga kombensyon ng lengguwahe 45 minuto karunungan sumulat 40 minuto	karunungan bumasa 65 minuto	karunungan bumilang 60 minuto
Year 9	mga kombensyon ng lengguwahe 45 minuto karunungan sumulat 40 minuto	karunungan bumasa 65 minuto	karunungan bumilang 60 minuto

Paano sinusukat ang pagganap ng aking anak?

Ang indibidwal na pagganap ng mag-aaral ay ipinapakita sa pambansang iskala ng natamo para sa bawat pagsusulit. Ang resulta sa pambansang pinakamababang pamantayan ay nagpapahiwatig na ang mag-aaral ay nagpakita ng batayang mga kasanayan sa karunungan bumasa, sumulat at bumilang upang makasali nang lubusan sa year level na iyon. Ang pagganap ng indibidwal na mga mag-aaral ay maaaring ihambing sa pangkaraniwang pagganap ng lahat ng mag-aaral sa Australya.

Mag-iisyu ng ulat ng NAPLAN ang inyong paaralan sa huling bahagi ng taon. Kung hindi kayo nakatanggap ng ulat, dapat kayong makipag-ugnayan sa inyong paaralan.

Paano gagamitin ang mga resulta ng pagsusulit sa NAPLAN?

- Maaaring gamitin ng mga magulang at mag-aaral ang indibidwal na mga resulta upang talakayin ang progreso sa mga guro.
- Ginagamit ng mga guro ang mga resulta upang matulungan silang mas matukoy ang mga mag-aaral na nangangailangan ng higit na mga paghamon o karagdagang suporta.
- Ginagamit ng mga paaralan ang mga resulta para matukoy ang mga kalakasan at kahinaan sa mga programa ng pagtuturo at sa pagtatalaga ng mga layunin sa karunungan bumasa, sumulat at bumilang.
- Ginagamit ng mga sistemang pampaaralan ang mga resulta upang repasuhin ang mga programa at suportang ibinibigay sa mga paaralan.
- Makakakuha ang komunidad ng average na mga resulta sa NAPLAN ng paaralan sa myschool.edu.au

Saan ako makakakuha ng higit pang impormasyon?

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa NAPLAN:

- makipag-ugnayan sa paaralan ng inyong anak
- makipag-ugnayan sa inyong autoridad sa pangangasiwa ng lokal na pagsusulit nap.edu.au/TAA
- bisitahin ang nap.edu.au

Para sa impormasyon tungkol sa kung paano pangangasiwaan ng ACARA ang personal na impormasyon para sa NAPLAN, bisitahin ang nap.edu.au/naplanprivacy